

| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | MAPEH |
| | Teaching Dates and Time: | WEEK 7 | Quarter: | 4TH Quarter |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| I.LAYUNIN | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Nakikilala ang mga simbolong pangmusika at naipapakita ang kaalaman at pang-unawa sa mga konsepto tungkol sa teksturang musika | Nauunawaan ang prinsipyo ng kulay, hugis, balanse, at pag-uulit sa pamamagitan ng iskultura at 3-dimensyong likhang-sining | Naipamamalas ang pag-unawa sa pakikilahok at pagtatasa ng pisikal na gawain at kaangkupang pisikal | Naipapakita ang mga pangunahing lunas at pamamaraan sa mga karaniwang sugat at iba pa | Remedial Class /Weekly Test |
| B. Pamantayan sa Pagaganap | Nakikilala, napapakinggan at nakikita ang mga halimbawa ng horizontal 3-part vocal or instrumental texture | Naipakikita ang kasanayan sa paggawa ng 3-dimensyong likhang-sining na nagpapahayag ng balanse, malikhaing disenyo , pag-uulit at kulay. | Nakikilahok at natatasa ang pagganap sa mga pisikal na gawain<br><br>Natatasa ang kaangkupang pisikal | Naipapakita wastong paraan ng paglulunas sa mga karaniwang sugat at iba pa | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | Naisasagawa ang pag-awit ng partner song<br><br>MU5TX-IVe-2 | Naipamamalas ang angking kasanayan sa paggawa ng papier-mache jar.<br><br>A5PRIV-g | Naisasagawa ang iba"t ibang kasanayang napapaloob sa sayaw- Cariñosa (Figure I-IV)<br><br>PE5RD-IVc-h-4<br><br>Naisasagawa ang mga hakbang pansayaw ng may pag-iingat<br><br>PE5RD-IVc-h-3 | Naiisa-isa ang mga pangunahing lunas para sa mga nakakagat ng mga hayop at insekto.<br><br>Naipapakita ang wastong paraan upang mabigyang lunas ang mga nakagat ng hayop at insekto.<br><br>Naipapahayag ang kahalagahan ng kaalaman sa wastong paglulunas sa mga indibidwal na nakaranas ng pagkakagat.<br><br>H5IS-IVc-314-316 | |
| II. NILALAMAN | Pagsasagawa nang pag-awit ng partner song | Paggawa ng Papier-Mache Jar | Batayang Kasanayan sa Katutubong sayaw na Cariñosa | Pangunahing Lunas sa mga Nakagat ng Hayop at Insekto | |

| *KAGAMITANG PANTURO* | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Sanggunian | K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Musika 5 p.32 | https://en.wikipedia.org/wiki/Taka_(paper_mache) | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | https://www.youtube.com/watch?v=v93eRCkhJms | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | TG Q4 W7 | TG Q4 W7 | TG Q4 W7 | TG Q4 W7 | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | LM Q4 W7 | LM Q4 W7 | LM Q4 W7 | LM Q4 W7 | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | Tayo Nang Magpalakas 6 pp 173-179 | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource | | | | | |
| 5. Iba pang Kagamitang Panturo | tsart, CD player, video presentation | Powerpoint presentation, Lumang diyaryo, alambre, pantali o pisi, pandikit na gawgaw at pintura | Powerpoint presentation, metacards,video https://www.youtube.com/v=8p1j-5PgJok | Powerpoint presentation, larawan ng batang nakagat ng ahas at batang nakagat ng bubuyog, activity sheet | |
| *III. PAMAMARAAN* | | | | | |
| A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | Pag-awit ng mga bata ng *“Music Alone Shall Live”* | Ibigay ang pangalan ng sumusunod na likhang-sining.    | Itanong sa mga bata kung natatandaan pa nila ang mga hakbang pansayaw ng Cariñosa mula Pigura I hanggang IV. Itanong din kung nagsanay sila sa mga nasabing hakbang ng sayaw. | Ano ano ang mga paraan upang malunasan natin ang mga sugat at pagdugo ng ilong? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | (Pagpaparinig ng awiting "Leron, Leron,Sinta") Ano ang nilalaman ng awitin?<br><br>Paano ito inaawit? | Pagpapakita ng mga larawan ng mga halimbawa ng ginawang papier-mache.<br><br><br><br>sa<br>larawan? | Papatayuin ang mga mag-aaral. Pabubunutin ng guro ang bawat bata ng pangalan ng kanilang makakapareha sa pagsasayaw. Bawat magkapareha ay isasagawa ang itatakdang hakbang pansayaw ng Cariñosa.<br><br>Magsasama-sama ang mga magkakapareha na magkakatulad ang hakbang pansayaw na isasagawa (Pigura I – IV) | <br><br><br><br>unang larawan? sa ikalawang larawan<br><br>Sino sa inyo ang nakaranas na ng ganitong sitwasyon?<br><br>Ano ang iyong ginawa? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | b. Paano binuo ang mga likhang-sining na ito?<br>c. Ano ano ang mga kagamitan na ginamit sa pagbuo ng mga likhang-sining na ito? | | | |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | (Pagpapakita ng tsart ng awiting “Leron, Leron, Sinta” at “Aco Kini Si Anggi”)<br>Ang *“partner songs”* ay dalawang awit na maaaring awitin nang magkakasabay. Maaaring gawing *“partner songs”* ang dalawang awit kung tumutugon sila sa mga sumusunod na katangian:<br>o Magkatulad ang palakumpasan<br>o Magkatulad ang tunugan<br>o Magkatulad ang bilang ng mga sukat<br>o Magkatulad ang akordeng bumubuo sa dalawang awit<br><br>Ang dalawang awit na maaaring gawing *“partner songs”* ay ang “Leron, Leron, Sinta” at “AcoKini Si Anggi”. | Magpanood ng video na nagpapakita ng paggawa ng paper mache jar.Sagutin ang mga sumusunod na tanong.<br><br>Ano anong mga kagamitan ang ginamit sa paggawa ng papier-mache jar?<br><br>Bakit pinagaganda ang papier-mache jar?<br><br>Paano mapakikinabangan ang ginawang likhang-sining?<br><br>Sa araling ito ay gagawa tayo 3-dimensyong papier-mache jar. Lilinangin natin ang inyong mga kasanayan sa paggawa ng papier mache gayundin ang inyong pagiging malikhain. | | Panoorin nang mabuti ang mga pamamaraan upang malunasan ang kagat ng mga hayop at mga insekto.<br><br>First Aid for Insect Bites (https://www.youtube.com/watch?v=brmaBdbMxdA)<br><br>First Aid for animal Bites (https://www.youtube.com/results?search_query=first+aid+for+animal+bites) | |
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Ano ang pamagat ng dalawang awitin?<br>(“Leron, Leron, Sinta” at “ Aco Kini Si Anggi”)<br><br>Ano ang *time signature* ng dalawang awit? (Ang *time signature* ng dalawang awit ay $\frac{2}{4}$)<br>Ano naman ang kanilang *key signature*? (Ang kanilang *key signature* ay G Mayor) | Ang mga lumang papel, magasin at dyaryo na hindi na ginagamit ay maaari pang mapakinabangan. Maaari itong gamitin sa paggawa ng papier-mache jar.<br>(Tingnan sa LM Gawin). | Ipakitang-turo ang mga hakbang pansayaw ng Cariñosa mula naman sa Pigura V hanggang IX. (tingnan ang Annex A). | Ano ano ang mga karaniwang mga aksidente ang tinalakay sa mga video na inyong pinanood?<br>Bakit kailangang lunasan kaagaad ang mga taong nakakagat ng aso? ahas?<br><br>Paano masasabi na nasa delikado nang kalagayan ang pasyente?<br><br>Ano ano ang dapat nating gawing panlunas upangn maiwasan ito? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ilang sukat ang bumubuo sa dalawang awit? (Ito ay binubuo ng tig-labing anim na sukat.)<br><br>Habang inaawit nang magkasabay ang dalawang awitin, ano ang nalilikha nito? (Ito ay nakakalikha ng magandang armonya.) | | | Paano naman natin malalaman na nakagat ng insekto ang isang indibidwal?<br><br>Ano ano ang mga pangunahing lunas para dito? | |
| E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | | | | Panuto: Sundin nang buong husay ang mga gawaing nakaatas sa inyong pangkat na mapipili.<br>**I-draw** - Gumuhit ng mga paraan upang madaling malunasan ang nakagat ng hayop.<br><br>**I-sing** - Bumuo ng awitin na nagpapahayag ng kahalagahan ng kaalaman ng pangunang lunas sa nakagat ng hayop at insekto.<br><br>**I-write**- Bumuo ng limang "DO's" o paraan upang madaling malunasan ang mga nakagat ng insekto.<br><br>**I-act**- Bumuo ng maikling komersyal na nagpapakita ng paunang lunas sa nakagat ng hayop at nakagat ng insekto. | |
| F. Paglinang sa Kabihasaan<br>ngo sa Formative Assessment) | Pangkatang Gawain<br>Pangkat 1 – Pag-awit ng mga bata ng "Leron, Leron, Sinta" kasabay ang angkop na kilos o galaw ng katawan<br><br>Pangkat 2 – Pag-awit ng "Aco Kini Si Anggi" | Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.<br><br>Ano anong mga elemento ng sining ang maaring gamitin upang mapaganda ang papier-mache jar?<br><br>Paano gagamitin ang kulay, hugis at balance upang | 1. Ipasanay ang mga hakbang pansayaw Pigura V – IX.<br>2. Ipaunawa ang mga pagpapahalaga na makukuha sa katutubong sayaw na Cariñosa tulad ng masiglang pakikilahok at pagiging maingat. | Panuto: Isulat ang tama kung wasto ang ipinapahayag sa pangungusap at kung mali isulat sa tapat nito ang karapat dapat na lunas.<br><br>Sumangguni sa TG. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pangkat 3-4 – Aawitin nang sabayang “Leron, Leron, Sinta” at “Aco Kini Si Anggi” | mapaganda ang likhang sining?<br><br>Paano mapapakinabangan ang nagawang likhang sining? | | | |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | Pag-awit ng mga bata ng “*partner songs*”<br>Pangkat 1-2- “ Leron,Leron,Sinta”<br>Pangkat 3-4- “Aco Kini Si Anggi” | Maraming lumang papel sa bahay si Ronie. Naisip niyang ipagbili ito subalit naisip niya na maaari itong gamitin sa paggawa ng papier mache. Bukod sa nakagawa ng likhang-sining si Ronie, ano pa ang kabutihang dulot ng kanyang ginawa? | Isagawa ang mga hakbang pansayaw ng Cariñosa mula Pigura 5 hanggang 9.<br>Tiyaking kabisado ng mga bata ang mga hakbang upang maisagawa nang wasto ang pagsayaw ng Cariñosa. | | |
| H. Paglalahat ng Aralin | Paano inaawit ang *partner songs*? | Ang papier-mache ay isang uri ng gawaing sining na binubuo sa pamamagitan ng pinagdikit-dikit na mga maliliit na piraso ng papel. Ito ay may tatlong dimensiyon sapagkat ito ay may taas, lapad, luwang, at karaniwang nakatatayo. | Bakit kinakailangang maging maingat sa pagsasagawa ng mga kasanayang pansayaw sa Cariñosa?<br><br>Ano anong mga pagpapahalaga ang matututunan mo sa pagsasayaw ng Cariñosa? | Paano natin lulunasan ang kagat ng mga hayop?<br>Paano naman natin lulunasan ang kagat ng insekto? | |
| I. Pagtataya ng Aralin | Gamitin ang rubric sa TG sa pagamarka ng performance ng mga bata. | Ipaskil ang mga papier-mache jar na nilikha ng mga mag-aaral. | Self-Assessment Rating ng mga bata batay sa rubrics sa TG. | | |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation | Maghanap ng mga awiting maaaring gamitin sa *partner songs.* | Dalahin ang sumusunod na kagamitan para sa susunod na gawain.<br>1.makulay na papel o magasin<br>2.gunting<br>3.pandikit<br>4.tali | Pagsanayang muli ang mga hakbang pansayaw na hindi lubos na maisagawa sa aralin. | 1. Paano natin bibigyan ng pangunang lunas ang mga pasyenteng nakagat ng<br>p?<br>to?<br>2. Ano ang kadalasan mong ginagawa kapag ikaw ay napapaso? | |
| Mga Tala | | | | | |
| Pagninilay | | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |

**New DEPED daily lesson log formats for quick and hassle-free download only at www.teachershq.com**
**File Created by Sir BERNALDO R. MACUGAY JR.**